JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ohsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Hamong Kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972



**Name of Learner:** ______________________________

**Grade & Section:** ______________________________

**Name of School:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edgen B. Arambala
Jeniviv S. Yecyec

**Editor:** Mercedita P. Gayatin

**Tagasuri:** Ryan G. Tulod
Jeneliza C. Panes
Lujizzl Jane Dela Pena

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Marilou T. Ramirez

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio O. Caballero, DTE
EPS- LRMDS

Alma L. Carbonilla. EdD
EPS- Araling Panlipunan



# Alamin

Sa modyul na ito, matutunan ang mga hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946-1972.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasusuri ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.
- Nasusuri ang mga hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.



# Balikan

Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay nagsasaad ng pangunahing suliraning kinaharap ng mga Pilipino pagkatapos ng digmaan at ekis (x).

kung hindi. Isulat ito sa sagutang papel

1. Pagkawasak at pagkasira ng mga tirahan at gusali
2. Mabilis na paglaki ng populasyon sa mga pook-urban
3. Nagtulung-tulungan ang mga Pilipino
4. Pagbagsak sa ekonomiya ng bansa
5. Paglipat ng tirahan ng mga tao
6. Paglaganap ng *smuggling*
7. Pangangailangan ng mag-aaral at ng bansa
8. Kakapusan ng produksiyong pansakahan
9. Pagtatrabaho sa ibang bansa
10. Pag-iwas sa pagbayad ng taunang buwis.

| Aralin 3 | Mga Hamong Kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972 |
|---|---|



# Tuklasin

## Hamon sa Kasarinlan ng Pilipinas mula 1946 hanggang 1972

Pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig, labis ang pinsalang natamo ng Pilipinas. Nakaharap ang bansa ng malalaking mga suliranin at hamon dulot sa pangyayaring ito. Paghihirap ang dinanas ng mga mamamayan dahil sa kakulangan ng pagkain ngunit tiniis ng mga Pilipino ang lahat ng ito. Ito ay isang malaking hamon ng pangulo na kung paano lulutasin ang mga suliranin ng bansa.

## Mga Hamon sa Kasarinlan Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

- Pagbangon at pagtayo sa mga nawasak na mga tirahan at gusali.
- Pagsuporta o pagpatibay sa *Philippine Rehabilitation Act, Bell Trade Act at Parity Rights*.
- Pagharap sa kapayapaan at kaayusan ng ating bansa.
- Paghahasa sa kaalaman gamit ang makabagong teknolohiya sa pagsasaka at kagalingan nito
- Pagbibigay solusyon sa lugar na paglilipatan ng mga *informal settler*.
- Pagbabagong sigla ng kulturang Pilipino.
- Pagsasaayos sa mga nasirang taniman, sakahan at imprastaktura.
- Pagpapatupad ng batas tungkol sa kampanya laban sa krimen.
- Pagtugis sa mga komunistang-gerilya laban sa pamahalaan

Muling itinayo o binangon ang mga nawasak o nasirang mga tirahan o gusali dulot ng digmaang pandaigdig. Sa panahong ito, maraming mga ari-arian ang nasira at libu-libong buhay ang nasawi. Kasama na ang mga hayop na katulong sa pagsasaka, industriya, pabrika, at bahay-kalakal. Naghirap ang mga mamamayan nang dahil sa kawalan ng hanapbuhay. Nagkulang ang pagkain lalo na sa mga lugar na sentro ng labanan dahil nasira ang patubig at sakahan kaya pinatatag ng pamahalaan ang agrikultura, kalakalan, at industriya bilang unang hakbang sa pagbangon ng ekonomiya sa bansa. Iniaayos ang mga kalsada at tulay at nagpagawa ng proyektong pang irigasyon upang mapaunlad ang buhay ng mga mamamayang Pilipino.

Tinanggap ang tulong pinansyal ng mga Amerikano at pinagtibay ng Kongreso ang *Philippine Rehabilitation Act* sa halagang **620 milyon** para sa imprastaktura, kagamitang pangmilitar at iskolarsyip ng mga Pilipinong ipapadala sa Estados Unidos upang mag-aral.

Sumang-ayon ang pamahalaang Pilipinas sa pangkalakalang inalok ng mga Amerikano sa halagang **$800** milyon para bayad-pinsala sa mga ari-arian ng mga Pilipinong naapektuhan sa digmaan. Ipinagtibay ang Philippine Trade Act na kinilalang *Bell Trade Act.* Sa kasunduang ito ipinagtibay ang malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas sa loob ng walong taon mula 1946 hanggang 1954. Ngunit hindi patas o makatarungan ang kasunduang ito. Ipinagkaloob na magkaroon ng pantay na karapatan gaya ng tinatamasa ng mga Pilipino ang mga Amerikano na magnegosyo sa bansa ngunit maituturing na labag sa batas ang pagtatakda ng *Parity rights* dahil nakasaad sa saligang batas na dapat 60 porsyento ang pag-aari ng mga Pilipino. Ang paglagda at pagsuporta niya sa mga batas ang nagbigay pribelihiyo sa mga Amerikano na nagpapahiwatig na hindi pa tuluyang nakalaya ang bansa sa mga Amerikano.

Sa simula ng panunungkulan ni Pangulong Quirino, hinarap niya ang hamon tungkol sa kapayapaan at kaayusan ng bansa. Ipinadala niya ang kanyang nakababatang kapatid na si Antonio Quirino upang himukin ang mga Huk na sumuko at bumalik sa mapayapang pamumuhay. Hindi naging

madali ang mga pangyayari dahil pinagduduhan ng mga Huk ang katapatan at sensiridad ng administrasyong Quirino. Nagpahayag siya ng amnestiya sa mga Huk. Pinatawad ang mga Huk sa kasalanang rebelyon, sedisyon at ilegal na samahan. Kapalit nito, isinuko ng mga Huk ang kanilang mga sandata sa pamahalaan sa loob ng limampung araw subalit nabigo ang mga Huk dahil ayon kay Luis Taruc, hindi naipatupad ang mga pagbabagong hinihingi nila.

Pagkatapos ng apat na buwang negosasyon sa mga Huk sa tulong ng emisaryong si Benigno S. Aquino Jr. na noon ay manunulat sa pahayagang *Sailig Mirror,* ganap na sumuko ang mga Huk sa pamumuno ni Luis Taruc. Dahil sa kaganapang ito na lubhang nagpasikat kay Ramon Magsaysay tinalo niya si Pangulong Quirino sa halalan noong Nobyembre 10, 1953.

Itinaguyod ng Pangulong Magsaysay ang kagalingan ng mga magsasaka, lalo na ang mga kasama. Nagbibigay tulong kaalaman sa mga makabagong teknolohiya tungkol sa kagalinangan sa pagsasaka. Naniwala si Pangulong Magsaysay na kapag nalinang ng lubusan ang likas na yaman ng bansa, makatutugon ito sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Pinaturuan niya ang mga magsasaka ng mga makabagong paraan ng pagtatanim. Iniutos niya ang paglalaan ng pautang sa mga magsasaka upang may magamit silang puhunan.

Bumilis din ang paglaki ng populasyon sa mga pook- urban nang dahil sa mga *informal settler*. Ito ang dahilan ng pagsisikip at kakulangan ng tirahan. Binigyan ng solusyon ang mga *informal settler* sa pamamagitan ng pagtatag ng pamahalaan ng Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-Tirahan at Pagsasaayos ***(National Resettlement and Rehabilitation Administration o NARRA*).** Maraming pamilyang Pilipino ang nailipat sa 22 proyektong pook-tirahan sa iba't ibang panig ng kapuluan.

Nadama ni Pangulong Garcia ang pangangailangang buhaying muli ang ilang kaugalian at kulturang Pilipino. Itinaguyod niya ang taunang *Republic Cultural Heritage Awards* o gawad pangkultura sa mga Pilipinonng artista, siyentista, mananalaysay, manunulat at historyador. Itinatag din

niya ang patakarang “Pilipino Muna”. Sa ilalim nito binigyan niya ng priyoridad ang mga Pilipino sa pagkakamit ng lupa at puhunan at pangangasiwa sa negosyo, kalakalan at industriya bago ang mga dayuhan.

Sa panahon ni Pangulong Macapagal, pinagtibay niya ang Batas Republika Bilang 3844 na naglalayong mailipat sa mga magsasaka ang lupang kanilang sinasaka. Pinalalaganap din ang pagpaparami ng *miracle rice* upang tumaas ang produksiyon ng bigas.Binigyan ng sariling lupa ang mga magsasaka at kasamang walang lupang sakahan. Hinati at ipinamahagi sa mga kasama ang mga lupa ng pamahalaan na hindi nagagamit. Binili rin ng pamahalaan ang malalaking pribadong lupa at ipinamahagi sa mga magsasaka upang bayaran nila ng hulugan.

Sa kabila ng pagsisikap ng pamahalaan, hindi naipagpatuloy ang programang reporma sa lupa. Tinutulan ito ng mga may-ari ng lupain.Hindi rin ito tinangkilik ng mga ahensiyang makapagbibigay ng suportang pananalapi.

Dahil sa sentimyento at diskontento ng mga mamamayan sa patuloy na lumulubhang krisis pang-ekonomiya ng bansa sa ilalim ng pamahalaang Macapagal, nanalo sa halalan noong 1965 si Ferdinand Marcos. Sa kanyang unang termino, sinikap ni Pangulong Marcos na mapabuti ang pananalapi ng bansa sa pamamagitan ng pinag-ibayong pangolekta ng buwis, at pangungutang sa iba’t ibang dayuhang institusyon ng pananalapi.

Pinangasiwaan din ni Pangulong Marcos ang suliranin tungkol sa mataas na antas ng krimen sa bansa. Laganap noon ang *smuggling* o pagpupuslit ng mga produkto mula sa ibang bansa. Sa tulong ng mga ahensiyang nagpapatupad ng batas, nasugpo ang pagpasok ng mga puslit na produkto sa bansa. Pinaigting din niya ang kampanya laban sa *Communist Party of the Philippines* (CPP) at *New People’s Army* (NPA) na pinamumunuan ni Jose Ma. Sison. Maraming nahikayat na lumahok dito kabilang na ang  mga matatalinong mga estudyante, magsasaka, manggagawa, at maging mga propesyunal at intelektual. Malawakan ang mga demonstrasyon na isinagawa ng mga kabataan. Sa kanilang

pagmamartsa sila ay may dalang pulang bandila at sumisigaw ng mga katagang laban sa pamahalaan habang nakataas at nakatikom ang kanilang mga kamao. Kalimitang natatapos sa karahasan ang mga demonstrasyong ito.

Binigyang-sigla ng pamahalaan ang pakikitungo sa mga bansang Asyano. Noong 1967, kabilang ang Pilipinas sa mga bansang nagtatag ng *Association of Southeast Asian Nations* (ASEAN). Pangunahing layunin nito ang magtulungan sa larangan ng pagsasaka, industriya, at kalakalan. Pinalitan ng organisasyong ang MAPHILINDO.

Tinagurian din "*Infrastracture Man*" si Pangulong Marcos dahil sa maraming mga tulay, kalsada, at patubig na kanyang naipagawa sa kanyang unang termino.



# Suriin

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang malaking hamong kinaharap ni Pangulong Magsaysay sa kanyang panunungkulan? ___________________________________________
2. Anong kasunduan ang pinagtibay sa pagitan ng Pilipinas at Amerika sa loob ng walong taon sa panahon ng administrasyong Roxas? ___________________________________________
3. Anong paraan ang ginamit ni Pangulong Quirino upang malutas ang suliranin sa Huk? ___________________________________________
4. Sa iyong palagay, lubos bang nakatulong ang pagtatag ng Batas Republika Bilang 3844? Bakit? ___________________________________________
5. Paano hinarap ni Pangulong Marcos ang hamon tungkol sa kampanya laban sa krimen? ___________________________________________



# Pagyamanin

**Panuto**: Isulat ang salitang **Tama** kung ang mga sumusunod ay nagpapahayag ng hamong kinaharap ng mga Pilipino at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______ 1. Pagtanggap ng tulong pinansyal mula sa mga Amerikano

______ 2. Pagbagsak sa ekonomiya ng bansa

______ 3. Pagbangon at pagtayo sa mga nawasak na mga tirahan at gusali

______ 4. Pagsasaayos sa mga nasirang taniman, sakahan, at imprastaktura

______ 5. Paglipat ng tirahan ng mga tao

______ 6. Paglutas sa kakulangan ng mga hayop na gagamitin ng mga Magsasaka

______ 7. Paglagda sa Military-Base Agreement (MBA)

______ 8. Pagtatag ng pamahalaan ng pambansang pangasiwaan ng Paglilipat tirahan at pasasaayos

______ 9. Pagsisikip at kakulangan ng tirahan


______ 10. Pagsuporta o pagtibay sa *Philippine Rehabilitation Act, Bell Trade Act* at *Parity Rights*



# Isaisip

**Panuto**: Sa pamamagitan ng semantic web, talakayin ang mga hamon sa kasarinlan ng bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Isulat ito sa sagutang papel.





# Isagawa

**Panuto**: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B ayon sa hamong kinaharap ng mga pangulo mula 1946 hanggang 1972. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pangulong Ferdinand Marcos | A. Pagbabagong sigla ng Kulturang Pilipino |
| 2. Pangulong Carlos P. Garcia | B. Pagpapatupad ng batas tungkol sa kampanya laban sa krimen |
| 3. Pangulong Elpidio Quirino | C. Pagpapatibay ng Bell Trade Act at Parity Rights |
| 4. Pangulong Manuel Roxas | D. Pagharap sa kapayapaan at kaayusan ng ating bansa |
| 5. Pangulong Ramon Magsaysay | E. Pagbibigay solusyon sa lugar na paglilipatan ng informal settler. |



# Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Magkano ang halagang ibinigay ng mga Amerikano bilang tulong pinansyal para sa imprastuktura, kagamitang militar at iskolarsyip ng mga Pilipino?
   A. $480 milyon
   B. $520 milyon
   C. $620 milyon
   D. $730 milyon

2. Sinong pangulo ng Pilipinas ang humarap sa hamon laban sa krimen ng bansa?
   A. Pangulong Magsaysay
   B. Pangulong Garcia
   C. Pangulong Macapagal
   D. Pangulong Marcos

3. Alin sa mga sumusunod na hamon ang kinaharap ni Pangulong Macapagal?
   A. Pagharap sa kapayapaan at kaayusan sa bansa.
   B. Pagsasaayos sa mga nasirang taniman, sakahan at imprastraktura.
   C. Pagbibigay solusyon sa lugar na napaglilipatan ng mga *informal settler*.
   D. Pagbangon at pagtayo sa mga nawasak na mga tirahan at gusali.

4. Anong uring pabuya ang iginawad ng mga Pilipinong artista, siyentista, mananalaysay, manunulat at historyador?
   A. Republic Cultural Heritage Awards
   B. Juan Luna Awards
   C. FAMAS Awards
   D. OSCAR Awards

5. Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Marcos pinaigting niya ang kampanya laban sa ____________.
   A. HUKBALAHAP
   B. CPP/NPA
   C. ABUSAYAF
   D. Ilegal na Druga

6. Anong kasunduan ang ipinagtibay ni Pangulong Manuel Roxas tungkol sa malayang kalakalan sa pagitan ng Amerika at Pilipinas sa loob ng walong taon?
   A. Base-militar
   B. Rehabilitation act
   C. Philippine Trade Act or Bell Trade Act
   D. National Development Company or NDC

7. Ang mga sumusunod ay mga hamon na kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972 MALIBAN sa isa. Ano ito?
   A. Pagharap sa kapayapaan at kaayusan ng ating bansa.
   B. Pagbibigay solusyon sa lugar na paglilipatan ng mga *informal settler.*
   C. Pagpapa-aral ng mga naulila sa digmaan.
   D. Pagpapatupad ng batas tungkol sa kampanya laban sa krimen.

8. Paano binigyan ng solusyon ni Pangulong Magsaysay ang mga *informal settler?*
   A. Sa pamamagitan ng pagtatag ng Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-Tirahan at Pagsasa-ayos (National Resettlement and Rehabilitation Administration o NARRA)
   B. Pagbigay ng kaunting puhunan
   C. Pagsasaayos ng mga tulay at kalsada
   D. Pagpapatayo ng pabahay malapit sa riles ng tren.

9. Dahil sa mga hamong kinaharap ng mga pangulo sa Pilipinas, ang ekonomiya ng bansa ay______________________.
   A. Lubos na umunlad ang bansa
   B. Lalong naghirap ang mga Pilipino
   C. Bumuti ang pamumuhay ng mga mamamayan
   D. Nagkaroon ng magandang buhay

10. Kung ikaw ang nagiging Pangulo ng bansa, paano mo lulutasin ang mga hamon na siyang kinakaharap?

A. Pabayaan ang mga mamamayan.

B. Hindi pansinin ang anumang hamong kinaharap.

C. Harapin at gumawa ng paraan para malutas ang mga ito.

D. Ipawalang bahala ang lahat.



# Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng isang talata kung paano hinarap ng mga Pilipino ang hamon sa kasarinlan ng bansa pagtapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isulat ito sasagutang papel.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

| | |
|---|---|
| 1. / | 6 ./ |
| 2./ | 7./ |
| 3. X | 8. / |
| 4./ | 9.x |
| 5. / | 10. / |

**SURIIN**

- Magkaiba ang sagot ng mag-aaral

**Pagyamanin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

**Isaisip:**

**Mga Hamon ng Bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig**

- Pagbangon at pagtayo sa mga nawasak na mga tirahan at gusali.
- Pagsuporta o pagpatibay sa *Philippine Rehabilitation Act, Bell Trade Act at Parity Rights*.
- Pagharap sa kapayapaan at kaayusan ng ating bansa.
- Pagbibigay solusyon sa lugar na paglilipatan ng mga *informal settler*.
- Pagbabagong sigla ng kulturang Pilipino.
- Pagsasaayos sa mga nasirang taniman, sakahan at imprastaktura.
- Pagpapatupad ng batas tungkol sa kampanya laban sa krimen.

**Isagawa:**

1. B
2. A
3. D
4. C
5. E

**Tayahin:**

1. C
2. D
3. B
4. A
5. B
6. C
7. C
8. A
9. B
10. C

# Sanggunian

Baisa-Julian, Ailene & Lontoc, Nestor S., Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 6. 2016

Palu-ay, Alvena P., Makabayan Kasaysayang Pilipino 5. 2010

Agno, Lydia N. Ed.D., Tadena, Rosita D. Ph.D., Balonso, Celinia E. Ph.D., Mateo, Grace

Estela C. Ph.D. , Marangal na Pilipino 5 2006

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.